**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

**WIKA 1: Wika, Kultura, at Lipunan**
**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

GABAY SA PAG-AARAL: MODYUL B

Introduksiyon

Sa modyul na ito matutunan mo ang mga batayang konsepto sa wikang Filipino. Tumutukoy ito sa kalikasan ng wika sa pangkalahatan. Ipinapaliwanag nito ang mga katangian ng wika bilang bahagi ng panlipunang praktis.

Layunin sa Pagkatuto:

Sa katapusan ng Modyul B, inaasahan na ikaw ay:

1. Makatutukoy ng mga gamit at anyo ng wika;

2. Makapagpapaliwanag ng mga batayang konsepto sa wika;

3. Makapagpapalalim ng kaalaman hinggil sa batayang konsepto sa wika.

Mga Konsepto ng Wikang Filipino/Wikang Pambansa

Mahalalagang malaman mo ang pagkakaiba ng mga konseptong kaugnay sa gamit at sa anyo ng wika. Tumutukoy ang una sa wikang pambansa, wikang panturo, wikang opisyal, at lingua franca. Samantalang ang huli ay tumutukoy sa mga varayti ng wika tulad ng dayalek, sosyolek, at idyolek.

| **Gabay sa Gawain A – Gawaing Pangkatan** |
|---|
| 1. Basahin mo ang Modyul 1- MGA BATAYANG KONSEPTO SA PAG-AARAL NG WIKANG FILIPINO<br>2. Pagkatapos basahin ang Modyul 1, magsagawa ka ng munting sarbey sa mga kasamahan mo sa bahay. Itala mo ang kanilang mga sagot sa sumusunod na katanungan:<br>a. Ano ang Wikang Pambansa?<br>b. Ano ang Wikang Opisyal?<br>c. Ano ang Wikang Panturo?<br>d. Ano ang Unang Wika (Bernakular)? |

e. Ano ang Ikalawang Wika?
f. Ano ang Lingua Franca/ Linggwa Frangka?
g. Ano ang Idyolek?
h. Ano ang Dayalek?
i. Ano ang Sosyolek?
j. Ano ang Register?
k. Ano ang pinakamainam na gamitin na wika sa pamahalaan? sa paaralan? sa pakikipag-ugnayan sa kapwa Pilipino?

3. Pagsama-samahin ang resulta ng sarbey ng bawat miyembro ng grupo. Maghanda ng isang presentasyon/ulat tungkol sa isinagawang sarbey. Lalamanin ng presentasyon ang sumusunod:
   a. Metodolohiyang ginamit sa pagsasagawa ng sarbey;
   b. Demograpikong impormasyon tungkol sa respondents;
   c. Tugon at pagtalakay ng mga miyembro ng grupo sa mga sumusunod na katanungan:
      - Bakit mahalagang malaman ang batayang konsepto sa wika?
      - Ano ang pinakamainam na gamitin na wika sa pamahalaan? sa paaralan? sa pakikipag-ugnayan sa kapwa Pilipino?
      - Bakit itinuturing pa ring dayalek ang Tagalog, Cebuano, Ilokano kahit mga wika naman ang mga ito?
4. Maghandang iulat sa klase ang inyong presentasyon.
5. Mag-log in at i-upload ang file ng inyong presentasyon sa VLE course ng ating klase.

| | |
|---|---|
| **Format ng pag-uulat:** 20 mins max, 10 slides max. | |
| **Rubrik ng Pagpupuntos (10pts):** | |
| **Pagsunod sa batayang format** | 1pt |
| **Ispontanyong pag-uulat** | 2pts |
| **Malikhaing presentasyon ng mga idea:** | |
| Kawili-wiling format ng pag-uulat | 2pts |
| Malikhaing biswal na presentasyon | 1pt |
| **Maayos na pagbabalangkas ng paliwanag:** | |
| Malinaw na pagtugon sa lahat ng katanungan | 2pts |
| Lohikal at may basehan na papapaliwanag | 2pts |

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

Ayon sa Modyul 1, "*maaaring magamit ang una at/o ikalawang wika ng isang indibidwal bilang wikang panturo, wikang opisyal, wikang pambansa, at lingua franca sa loob ng isang lipunan. Bawat tao ay may kinalakihang wika, ito ang tinatawag na unang wika o bernakular. Anumang wika na natutunan matapos nito ang tinatawag na ikalawang wika. Sa kaso ng wikang Filipino, ginagamit ito bilang wikang panturo, wikang opisyal, wikang pambansa at lingua*

*franca/linggwa frangka. May iba't ibang anyo o varayti din ang wika, ang dayalek, sosyolek, idyolek at register*."(3-4)

Ang mga batayang konsepto sa wika ito ay mas mapapalalim sa pag-alam ng pag-unlad ng wikang Filipino bilang wikang panturo, wikang opisyal, wikang pambansa, at lingua franca. Ayon kay Constantino (2012), may dalawang direksyon ang pag-unlad ng wikang Filipino: vertikal at horizontal. Ang vertikal na pag-unlad ay tumutukoy sa historikal na pagbabalangkas ng Filipino bilang wikang pambansa. Samantalang ang horizontal na pag-unlad ay ang pagsasanib ng iba't ibang konseptong kaugnay ng wikang Filipino bilang lingua franca.

| **Gabay sa Gawain B** |
| --- |
| 1. Basahin mo ang sanaysay na *Wikang Filipino bilang Konsepto (2012)* ni Pamela Constantino.<br><br>2. Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod:<br>a. Ano-anong salik ang nakakaapekto sa pagiging lingua franca ng wikang Filipino?<br>b. Ayon sa mga lingguwista, ang mga wika sa Pilipinas ay magkakahawig o magkakapareho. Magbigay ka ng sarili mong halimbawa nito.<br>c. Laganap ba sa mass media ang paggamit ng wikang Filipino? Magbigay ka ng halimbawa nito. |

Pangwakas

Sa kabuuan, natutunan mo ang kaibahan sa mga anyo ng wika. Gayundin nalaman mo ang kahalagahan ng paggamit ng wika at kung paano naging lingua franca ang wikang Filipino. Sa susunod na modyul, malalaman mo ang historikal na pag-unlad ng wikang Filipino.

Mga Sanggunian:

Modyul 1 - MGA BATAYANG KONSEPTO SA PAG-AARAL NG WIKANG FILIPINO
https://vle.upm.edu.ph/pluginfile.php/27591/mod_resource/content/1/WIKA%201_Module%201%20Mga%20Batayang%20Konsepto%20sa%20Wika.pdf

Constantino, P. "Wikang Filipino bilang Konsepto." Peregrino, J., Constantino, P., Ocampo, N., at Petras, J., mga editor. *Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Filipino*. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, 2012. https://vle.upm.edu.ph/mod/folder/view.php?id=12505

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)